# UNTIE/ANTI- THE YELLOW RIBBON: ANG DUGUANG YELLOW RIBBON AT ANG DIHITAL NA MANIPULASYON BILANG PARODYA

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA

From its foreign and colonial origins to the familial and political usage of the Aquinos, the yellow ribbon as cultural insignia has been articulated and rearticulated in particular socio-political landscapes. In the Philippines, the meaning attached to the yellow ribbon is constantly changing: Love for democracy, clamor for change, and recently, struggle for justice. Such strong attributions explain how the yellow ribbon became a symbol of nationalism of the liberal-bourgeois kind on one hand, and the national democratic on the other. Still, its origins in the country can be rooted from its dramatic association with modern-day heroes Ninoy and Cory. Thus, when their only son, Noynoy, was urged by his political clique to run for President, it was convenient for them to re-use the yellow ribbon as symbolic capital to bolster his political party's campaign. Indeed, the yellow ribbon helped catapult Noynoy to the highest position of the country. But barely a year after his victory, Noynoy's yellow ribbon went through transmogrifications that targeted the very state from which it originated. Individuals, organizations, and allies of the Philippine Left produced digitally manipulated images that not only parody the administration but also delegitimize Noynoy. Perhaps the most intriguing of which is the bloodstained yellow ribbon that vividly reminds the nation of the massacres at Hacienda Luisita and at Mendiola; both associated with the Cojuangco-Aquino family. Certainly, parody through digital manipulation offers polemic challenge to the state's notion of politics of change. More so, parodied yellow ribbons visualize and narrativize an epistemological shift from state-sponsored and ruling class politics to the discourse of protest and cultural revolution.

NAGTATALABAN ANG YELLOW RIBBON ni Pangulong Noynoy Aquino (Benigno S. Aquino III) at ang duguang yellow ribbon na nilikha ng mga puwersa ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa Filipinas. Ang isa ay malinis samantalang ang isa ay may bahid. Mga larawan lamang ba itong nagtutunggali? May komun na pinagmumulan ba ang mga imaheng ito? Paano nga ba dapat suriin ang mga likhang-sining na katulad nito? Ano-ano ang politika at episteme na nakaimbak sa mga larawang ito? Nagbibigay ba ito sa tagamasid ng iba't ibang sapantaha sa larang ng potograpiya?

## Phinotoshop na Imahen at ang Mundo ng Dihital na Manipulasyon

Ang larang ng potograpiya—at ang pangkalahatang larang ng biswal na sining at biswal na kultura—ay dumaan at dumaraan sa patuloy na pagbabagong teknolohikal. Nagmumula pa ito sa panahong ang dominanteng sining ng paghuli ng isang imahen ay sa pamamagitan ng oral na tradisyon ng pagtula o pagkuwento tungong pagsusulat, pagguhit, pagpipinta, pag-usbong ng manwal at dihital na kamera, at ibayong pagpapaunlad gamit ang Adobe Photoshop at iba pang dihital na programa. Matutunghayan natin sa kasalukuyan ang dihital na pagpipinta, pagguhit at, sa nomenklatura ng dihital na teknolohiya, "pagmamanipula" ng mga biswal na imahen at karanasan. Ano ang ibig ipakahulugan rito?

Sa panahon ng Adobe Photoshop at ng iba pang programang dihital, ang larawan ng tao, bagay, lunan, panahon, karanasan at pangyayari ay hindi na lamang "hinuhuli," bagkos ay nililikha sa pamamagitan ng "pagmamanipula" ng mga kulay, layer, testura at iba pang katangian at elemento ng larawan o imahen. Mahalagang banggitin na sa proseso ng pagpo-photoshop, halimbawa, mayroong transisyon at pagbabagong mula sa "raw file" o "hinuling" larawan at sa "digitized" o "minanipulang" larawan. Sa dihital na teknolohiya, ang raw file ay ang aktuwal na "finished product" o "captured image" ng kamera. At ang "captured image" ng kamera ang siya namang nagiging materyal sa proseso ng dihitisasyon (digitization) o iyong maituturing na "sining ng manipulasyong dihital."

Daraan ang mga raw file sa dihitisasyon sa pamamagitan ng teknolohiya ng Adobe Photoshop at iba pang programang maaaring mag-mosaic, mag-rotate, mag-crop, at iba pang paraan ng pagmamanipula ng isang raw file. Halimbawa, nagagawang pagsamahin ang dalawa o higit pang mga larawan at imahen—ipinagdidikit, ipinagpapatong, ibinabaligtad, ipinagbabalintuwad, at ano pa mang naaaring manipulasyong dihital. Lahat ng manipulasyong gaya nito ay humahantong sa paglikha ng bagong dihital na larawan—ang "digitized image" na siyang "finished product" ng dihital na teknolohiya. Ang manipulasyon ng larawan sa pamamagitan ng dihital na teknolohiya ay marapat na idiskurso sa konteksto ng pagbabago ng mga biswal na imahen at ng ugnayan nito sa mga karanasan.

Kung babalikan ang diskurso ni Walter Benjamin, makikita na ang dihitalisasyon ng potograpiya sa kasalukuyan ay maiuugat pa sa transisyon mula sa manwal na reproduksiyon tungong teknikal na reproduksiyon ng mga larawan. Ayon kay Benjamin (1968, 220):

> Confronted with its manual reproduction, which was usually branded as a forgery, the original preserved all its authority; not so vis a vis technical reproduction. The reason is twofold. First, process reproduction is more independent of the original than manual reproduction. For example, in photography, process reproduction can bring out those aspects of the original that are unattainable to the naked eye yet accessible to the lens, which is adjustable and chooses its angle at will. And photographic reproduction, with the aid of certain processes, such as enlargement or slow motion, can capture images which escape natural vision. Secondly, technical reproduction can put the copy of the original into situations which would be out of reach for the original itself.

Nangangahulugan ito na sa teknikal na reproduksiyon, ang mga larawan ay minamanipula upang magreprodyus nang mas mabilis at upang magprodyus ng mga larawang "labas sa orihinal," bagama't nakabatay sa orihinal. Kung gayon, kahit sa maagang yugto ng teknikal na reproduksiyon ng mga larawan pa lamang ay may puwang na para ituring ang "manipulasyon" bilang isang "muling-paglikha." Tulad ng naunang mga sining ng pagsasaimortal ng mga imahen, gaya ng sa pamamagitan ng teknikal na reproduksiyon, ang manipulasyong dihital ay isang sining na pinayayabong sa kasalukuyan. Maituturing na hiwalay na disiplina ng sining ang manipulasyong dihital na patuloy na pinauunlad ng kasalukuyang henerasyon.

Ang dihital na manipulasyon ng mga larawan at karanasan ay kailangang muling-iugnay sa nagdaang "mekanikal na produksiyon" at "teknikal na reproduksiyon" upang mas madalumat ang proseso ng pag-unlad nito. Ayon kay Benjamin (1968, 186):

> The techniques based on the use of the camera and of subsequent analogous mechanical devices extend the range of the memoire volontaire; by means of these devices they make it possible for an event at any time to be permanently recorded in terms of sound and sight. Thus they represent important achievements of a society in which practice is in decline. To Baudelaire there was something profoundly unnerving and terrifying about daguerreotype; he speaks of the fascination it exerted as "startling and cruel." ... Nevertheless, Baudelaire tried to take a more conciliatory view. Photography should be free to stake out a claim for ephemeral things, those, that have a right "to a place in the archives of our memory," as long as it stops short of the "region of the intangible, imaginative": that of art in which only that is allotted a place "on which man has bestowed the imprint of his soul."

Ano ang pakahulugan ni Benjamin sa pahayag sa itaas at ano ang kaniyang interpelasyon sa mga tinuran ni Baudelaire? Ang teknolohiya ng kamera ay lumilikha ng ekstensiyon ng boluntaryong memorya (memoire volontaire) na

nangangahulugang alaalang nahuhuli ng kamera. Nakaimbak sa larawan ang mga alaala ng karanasang muling dadanasin o babalikan ng may-ari sa tuwing nakikita ang larawan. Sa kasalukuyan, ang simpleng boluntaryong alaala ay naging isang malaking industriya na ng paghuli ng imahen sa pamamagitan ng kamera. Ayon nga kay Reagan Maiquez (2011), ang mga pahayag ni Benjamin at ang interpelasyon niya kay Baudelaire ay dapat basahin bilang isang kritika sa namamayaning industriya ng potograpiya ng kanilang panahon, kung kailan ang potograpiya ay tinatamasa lamang ng iilang naghaharing uri. Tanging ang mga may-kaya nasabing panahon ang may pang-ekonomiyang kapasidad na magsaimortal ng kanilang mga alaala at karanasan sa pamamagitan ng larawan. Isa itong buong industriya ng komersiyo na kinapapalooban ng pagbayad nang mahal upang pumasok sa studio, magbihis nang maayos (at kadalasa'y magarbo), umayon sa isang napagkasunduang tema, dumaan sa proseso ng pagdebelop ng mga larawan, at isilid sa kuwadro ang imahen. Ito ang yugtong kung kailan ay hindi pa nadedemokratisa ang teknolohiya ng potograpiya.

At sa panahon ngayon na may relatibong demokratisasyon ng teknolohiya ng kamera (may mga mumurahing kamerang may mababang resolusyon), ang pagkuha ng larawan at pagsaimortal ng alaala ay hindi na lamang industriya ng namamayaning kaayusan at naghaharing uri. Kahit sino ay nagki-click na ng/sa karanasan at sitwasyon upang lumikha ng boluntaryong alaala, mula sa hanay ng masa hanggang sa mga panggitnang uri at may-kaya.

Minsan nang itinanong ng sosyolohistang si Pierre Bourdieu (1990, 1) kung posible ba na ang praxis ng pagkuha ng larawan at ang mismong kahulugang taglay ng at kahulugang ipinatataglay sa mga larawan ay maging mga materyal para sa sosyolohiya. Dalawang mahalagang aspekto ng retrato ang mahihinuha mula sa pagtatanong ni Bourdieu. Una, ang praxis ng pagkuha ng retrato o larawan bilang paraan ng sosyo-kultural na paglikha. Ikalawa, ang proseso ng pagpapakahulugan at ng interpretasyon sa mga iniluwal na retrato o larawan. Nangangahulugan ang dalawang aspektong ito na malalim ang dungkal ng mga larawan sa indibidwal at kolektibong kamalayan ng tao—sa antas na personal o politikal man. Ayon pa nga kay Benjamin (1968, 226; akin ang salin), "ang mga larawan ay nagiging ebidensiya para sa mga kaganapang historikal, at nagtataglay ng kubling pampolitikang katuturan."

Samakatwid, mula sa pinaghabing mga pahayag nina Bourdieu at Benjamin, masasabing ang larawan ay hindi na lamang nasa kamay ng iilan. Bagkos, ang mga larawan ay nalilikha at nabibigyang-kahulugan na ng mamamayan,

nagmula man iyon sa kanilang hanay o sa mas nakatataas sa kanila; nagmula man sa gahum o sa kontra-gahum. Dagdag pa nga ni Benjamin (1968, 220; akin ang salin), "Tinutukoy nitong natatanging kairalan ng likhang sining ang pinagdaanan nitong kasaysayan." Nangangahulugan ito na ang mga larawan ay produkto ng kaniyang panahon at ekonomiya, at produkto ng panahon at ekonomiya ng mamamayang kumuha ng larawan. Kung iuugnay sa kasalukuyang dihital na potograpiya at dihital na manipulasyon nito, manipestasyon ang mga dihital na larawan ng "sining ng manipulasyon" ng kasalukuyan. Makikita sa dihital na potograpiya at manipulasyon, kung gayon, ang sining ng reartikulasyon o ang "manipulasyon para sa muling-paglikha" at ang dihital na teknolohiya bilang instrumento sa pagsasa-ebidensiyang historikal, kultural, politikal at pang-ekonomiyang aspekto ng buhay ng indibidwal, kolektibo, at bayan.

Sabi nga ni Sarah Pink (2006, 120):

> (Digital technology) also harnesses the potential of film and photography to bring informants' own self-representations to the fore – their words, gestures and performances, which cannot be communicated in written description – to encourage empathetic understandings from the viewer. To successfully tell the story of how particular products and practices are engaged by particular individuals in specific (cultural) contexts it needs to encompass both commonalities and differences and to frame this with the appropriate institutional categories.

Samakatwid, ang dihitalisasyon ng larawan ay isang diskursibong pagpapatanaw at paglalang (paglikha). Ang pagkuha at paglalang ng mga larawan, sa buong konteksto ng pag-unlad nito, ay dumarating sa kasalukuyang dihitalisasyon. At ang buong sining ng dihitalisasyon na nadedemokratisa sa kamay ng mga mamamayan, maging sa kamay ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa Filipinas, ay nagpapatunay sa potensiyal ng dihital na teknolohiya para sa pagpapatalos ng ideolohiya ng mamamayan at ideolohiyang kontra-gahum (i.e., dominanteng mga kaisipan at politika ng naghaharing kaayusan).

Sa panahon ng mga pagbabagong teknolohikal na ito, ang mga kilusang panlipunan, at maging ang mga institusyon ng naghaharing kaayusan, ay kinakasangkapan ang modernong dihital na teknolohiya upang lumikha ng kani-kanilang katunggaling "propaganda." Kung negatibo man ang namamayaning konotasyon sa salitang propaganda, ito ay sapagkat ipinakintal ito ng dominanteng kaayusan (o kawalang-kaayusan). Maaari itong ikumpara sa pinaninindigan ng Kilusang Pambansa Demokratiko na "lahat ng likhang-sining ay propaganda." Depende

na lamang ito sa kung sino ang pinagsisilbihan ng espesipikong propaganda. Sa madaling sabi, hindi isyung moral lamang ang propaganda. Ang mga likhang larawan o imahen ay malinaw na mga propagandang nagpapatalos ng iba't ibang semyotika ng ideolohiya; ng iba't ibang kubli o kaya'y lantad na kahulugang politikal.

Ang paglikha ng mga larawan ay hindi pasibong pagkuha ng imahen ng tao, lunan, bagay, at pangyayari. Ang larawan ay isang buhay na karanasan—isang praxiolohiyang panlipunan na nagpapatalos ng alinman sa dominanteng kaisipan at sa kontra o progresibong kaisipan. Sa ganang ito maaaring suriin ang pagpapanibagong-hubog sa pangunahing imahen—ang yellow ribbon—ng administrasyong Noynoy Aquino upang ibudyong ang isang diskursong kritikal sa kabila ng tiwaling mga patakaran ng estado. Ang paglikha naman ng mga dihital na larawang tulad ng duguang yellow ribbon ng mga indibdwal at ng hayag na mga organisasyong kabilang sa o kadikit ng Kilusang Pambansa Demokratiko ay buhay na materyal para sa sosyolohikal na tradisyon ng "rebolusyong pangkultura."

**Sa Puti, Sa Dilaw: Pagbuhol ng Yellow Ribbon sa Kasaysayan Bago si Noynoy**

Paano nga ba dumating sa Filipinas ang yellow ribbon? Mahabang-mahabang kasaysayan ang nagbuhol ng yellow ribbon sa karanasan ng bansa. Bago pa man ito maging elektoral na simbolo ni Noynoy Aquino nitong nagdaang pambansang halalan, dumaan ito sa samu't saring historikal, kultural, at politikal na pagpapakahulugan, sa loob at labas ng bansa. Sa katunayan, ang simbolo ng yellow ribbon ay isang hiram at dayuhang arketipo na tinatayang nag-ugat pa sa mga Puritan sa Inglatera.

Ayon kay Gerald E. Parsons (2011) sa kaniyang artikulong "How the Yellow Ribbon Became a National Folk Symbol," ang yellow ribbon sa Estados Unidos ay nakatali sa isang mahabang tradisyon. Napansin niyang bilang isang pambansang simbolo, halos lahat ng mga Amerikano ay ginagawang reperensiya sa paggamit nito ang sikat na awiting bayang "Round Her Kneck She Wore a Yellow Ribbon" na nagmula sa Inglatera. Ayon pa sa kaniya, sa huling yugto ng dulang Othello ay matatagpuan ang isa sa mga "lyric ancestor" ng nasabing kanta. Mula sa Inglatera, ganap itong naging simbolong lokal nang hindi lamang kinanta sa kung hindi pinaghalawan pa ang kanta ng pamagat ng pelikulang pinagbibidahan ni John Wayne (She Wore a Yellow Ribbon 1949). Tungkol sa Giyerang Sibil sa Amerika ang pelikula.

Sa mas malalim na pananaliksik ni Parsons (2011), nadiskubre niya na ang akto ng pagtali sa puno at pagdisplay ng yellow ribbon ay hindi mula sa panahon ng

Giyerang Sibil sa Estados Unidos. Dagdag pa niya, hindi ito nagmula sa isang kanta kundi sa isang kuwentong bayan; hindi rin dilaw ang orihinal na kulay ng ribbon na itinatali sa puno kundi puti. Ayon sa kuwentong bayan, may isang ex-convict na humiling sa kaniyang mga kababayan na matapos ang kaniyang limang-taong pagkakapiit ay magkabit sila ng puting ribbon sa malaking puno ng mansanas malapit sa estasyon ng tren upang malaman niya kung siya ba ay tatanggapin pa nila sa komunidad. Nalathala rin ang kuwentong ito noong 1959 sa librong Star Wormwood ni Curtis Bok, na nagsabing ang kuwento ay kaniyang narinig mula kay Kenyon J. Scudder, isang tagapamahala sa isang kulungan. Ayon pa kay Parsons (ibid), nang lumaon ay naging popular ang imahen ng pagtatali ng ribbon sa puno, at makailang ulit na ito'y lumitaw sa mga kuwento ng mga tao sa simbahan at sa mga publikasyong relihiyoso sapagkat naikakawing ito sa biblikal na kuwentong "Parable of the Prodigal Son."

Mula sa puting ribbon na hiniling ng isang ex-convict, ito'y naging dilaw na panyong nakakabit sa oak tree na ipinakiusap naman ng isa pa ring ex-convict. Inilathala ni Peter Hamill noong Oktubre 1971 ang kuwentong hinggil dito sa "Going Home" sa New York Post. Muli itong inilathala sa Readers Digest at kalauna'y hinalaw para sa telebisyon noong Hunyo 1972. Matapos ang ilang buwan ay nagrehistro para sa karapatang-ari ng kantang "Tie a Yellow Ribbon Round the Ole Oak Tree" sina Irwin Levine and L. Russell Brown, na nagsabing ang kuwento'y narinig nila sa kanilang pagseserbisyo sa sandatahang hukbo. Sa katunayan, bago pa man ang nakalathalang bersiyon ni Hamill, marami nang nailathalang kuwento tungkol sa yellow ribbon o panyo na inaabangan ng isang ex-convict. At marami ang nagpapatunay, sa pananaliksik ni Parsons (ibid), na tunay namang sa oral na bersiyon unang nabuhay at kumalat ang pagtatali o pagdidisplay ng yellow ribbon o kaya'y dilaw na panyo.

Ayon kay Parsons (ibid), kailangang alamin kung paanong ang isang akto ng indibidwal o komunidad ay naging isang pambansang ritwal. Sa tala ni Parsons, dalawang kaganapan ang maaaring pinagbunsoran ng transisyong ito sa Estados Unidos. Una ay ang paglalagay ni Gail Magruder noong Enero 1975 ng maraming yellow ribbon sa harap ng tahanan upang salubungin ang bagong-layang asawang si Jeb Stuart Magruder ng Watergate. Lumabas sa telebisyon ang madamdaming kuwentong ito. Ayon kay Parsons (ibid):

> And thus a modern folk legend concerning a newly released prisoner was transformed into a popular song, and the popular song, in turn, transformed into a ritual enactment. Notice

> that Jeb Stuart Magruder's return to his home exactly parallels the situation in both the folk narrative and the popular song. The new development, at this point, was that Gail Magruder put the story into action.

Ayon kay Parsons (ibid), ang sumunod na malaking hakbang ay ang pagtransporma sa ribbon bilang isang emblem at hindi na bilang pagbabalik ng pinatawad na alibugha kundi bilang pagbabalik ng isang ikinulong na bayani. Tinukoy ni Parsons ang transpormasyon ng kahulugan at simbolismo ng ribbon sa kaso ni Penne Laingen at ng kaniyang asawang si Ambassador Bruce Laingen. Noong 4 Nobyembre 1979, naging hostage ng mga rebolusyonaryong Iranian si Ambassador Laingen kasama ang mga kawani ng U.S. Embassy sa Tehran. Sa gitna ng tensyonadong sitwasyong ito, nagtali si Penne ng yellow ribbon sa oak tree at nagsabing mananatili roon ang yellow ribbon hanggang sa kalasin ito ni Bruce pagkabalik nito. Ang aktong ito ay kinagat ng gobyerno at itinaas sa pang-organisasyonal at pambansang antas ng Family Liaison Action Group (FLAG) sa pamamagitan ng kampanya ng pagsusuot ng mga yellow ribbon at yellow ribbon pin. Mula rito'y umangat ang konteksto ng sentimiyentong pampamilya ng mga Laingen patungong neokolonyal na diskursong ipinatahak ng Estados Unidos sa kaniyang mamamayan. Sa diskursong ito'y itinuring na "bayani" si Ambassador Laingen – bayani ng Estados Unidos – laban sa mga rebolusyonaryong Iranian.

Ipinamalas ni Parsons sa kaniyang sanaysay na ang yellow ribbon bilang simbolo ay nagbabago ng kahulugan depende sa kung sino ang gumagamit nito. Patuloy itong binabago sa Estados Unidos, mula sa tradisyonal na simbolo nito sa folklorikong diskurso hanggang sa kulturang popular. Halimbawa, ani Parsons, ilang beses nang ikinabit ang yellow ribbon sa bandila ng Estados Unidos, pinakamatingkad ay noong Krisis sa Persian Gulf (gaya ng makikita sa larawan 1)




Larawan 1

Makikita mula sa ganitong amalgamasyon ng yellow ribbon at bandila ng Estados Unidos ang ideolohiya at politika ng imperyalismong Estados Unidos. Naging simbolo na ang yellow ribbon sa pakikialam ng Estados Unidos

sa krisis sa Gitnang Silangan noong panahon ng Persian Gulf War. Ipinaloob ang kamalayang simbolikal ng yellow ribbon sa militaristang katangian ng huling yugto ng kapitalismo ng Estados Unidos tulad nang makikita sa Larawan 2. Sa nasabing larawan, ang oak tree ay napapatungan ng bandila ng Estados Unidos at natatalian ng yellow ribbon na kinasusulatan ng "Desert Shield" at "Desert Storm" na mga islogan ng panggigiyera ng Estados Unidos. Ipinakikintal ng imahen na hindi kakalagin ang pagkakatali ng yellow ribbon hanggang makauwi sa Estados Unidos ang mga tropang militar ("Until You Come Home"). Marahil ay manipestasyon ng pagiging komun sensikal ng ugnayan ng yellow ribbon at pakikidigma ng Estados Unidos, maging ang Wikipedia (2011), na isang libreng online na encyclopedia, ay may sulatin hinggil dito:

> (The yellow ribbon) often had the implied meaning of supporting the Desert Shield and Desert Storm troop deployments themselves and/or loyalty to President George Bush, and therefore became somewhat politicized. It appeared again during the 2003 Invasion of Iraq with similar meanings, most prominently in the form of a yellow ribbon printed on magnetized material and displayed on the outside of automobiles.



Larawan 2

Samakatwid, mula sa poklorikong tradisyon ay kinasangkapan ng naghaharing sistemang panlipunan (e.g., Imperyalismong Estados Unidos) ang yellow ribbon. Sa ganang ito, ang yellow ribbon ay nangahulugang "imperyalistang agresyon."

Kahit pa sabihing dominante ang imperyalistang aspirasyon sa pagkasangkapan ng yellow ribbon noong panahon ni George Bush, aktibo namang dinestrungka ng mga tutol sa imperyalistang giyera ng Estados Unidos. Tulad ng makikita sa Larawan 3, ipinatatalos na ang tanging paraan upang mapauwi nang buhay ang mga sundalong Amerikano ay ang tapusin ang giyera. Nangangahulugan ito na nilalampasan ng imaheng ito ang nabuong imperyalistang simbolismo ng yellow ribbon at sa katunayan ay binabakbak maging ang mapagpanggap na nasyonalismong kaakibat ng paggamit ng bandila ng bansa. Makikita sa imahen na ang background na dilaw ay sumisimbolo sa imperyalista at militaristang lohika ng Estados Unidos na inimbak nito sa konsepto ng kulay na dilaw gaya ng sa yellow ribbon. Itinanghal kasi ni Bush ang naturang giyera bilang giyera ng pagpapalaya, gayong sa katunayan, ito ay giyera para sa imperyalistang okupasyon na naging sanhi ng kamatayan ng mga sundalong Amerikano. Kung kaya't sa Larawan 3, sa lilim ng dilaw na imperyalistang agresyon, ang mga tropang Amerikano ay umuuwing nasa loob kabaong na pinatungan ng bandila ng Estados Unidos. Kapalit ng kamatayan ng mga sundalo ang pagpaparangal sa kanila ng imperyalistang gobyerno bilang bayani. Sa katunayan, ginagamit lamang ang mga naturingang kabayanihan para magkamal ng kita ang imperyalistang militarisasyon. At ito mismo ang ideolohiyang binabakbak ng kontra-gahum ng larawan.



Larawan 3

Sa Filipinas, ang dominanteng ideolohiya ng makapangyarihang politika ay maaaring masipat sa diskurso hindi lamang ng yellow ribbon kundi maging ng kaakibat nitong yellow rain (confetti na gawa sa Yellow Pages, isang gamiting direktoryo, o anomang dilaw na papel). Ginamit ang mga ito sa panahon ng pakikipaglaban ni Benigno Aquino, Jr. (Ninoy) at kalaunan ni Corazon Cojuangco-Aquino (Cory)—mga magulang ni Noynoy Aquino—sa rehimeng Ferdinand Marcos. Ayon kay Teresita Maceda (2011), hindi ang politikal na kampo ng mga Aquino ang nagpasimula ng paggamit sa yellow ribbon at yellow rain kundi ang mga nasa panggitnang uri at mga tagasuporta ng mga Aquino.

Ang pag-establisa sa kulay dilaw bilang kulay ng politika nina Ninoy at Cory ay paghiram ng panggitnang-uring Filipino sa Amerikanong tradisyon ng pag-aabang sa isang hinihirayang bayani—ang pag-aabang sa pagbabalik ng kinikilalang pigurang pang-oposisyon kay Marcos. Sa pagkakapaslang kay Ninoy, ang simbolismo

ng kulay na dilaw at ang mga yellow ribbon ay natransporma sa kampanyang "Justice for Aquino, Justice for All" (JAJA). Hanggang sa ang kulay na ito ay naasimila ng mamamayan na kinahantungan ng People Power Movement ng 1986.

Makikita sa Larawan 4 si Cory na lalong tumingkad ang pagiging sentral na pigura ng pagkilos dahil sa dilaw na kasuotan at pagtayo niya sa ibabaw ng dilaw ring sasakyan. Kapansin-pansin ang mga dilaw na lobo at ang mga yellow ribbon na nakatali sa mga posteng sa Rizal Park. Sa puntong ito, mula sa apropiyasyon ng panggitnang uri ay tumungo ito sa asimilasyon ng politikal at pampublikong pigura ni Cory.




Larawan 4

Samakatwid, ang kulay na dilaw—na nag-ugat sa yellow ribbon—ay sumisimbolo sa dalawang bagay noong panahon ng People Power Movement. Una, bilang kulay ng mamamayang kontra-diktaduryang Marcos, at ikalawa, bilang kulay ng politika ng "demokrasya" ng pangunahing kinatawan nitong si Cory. Matapos ang pagpapatalsik kay Marcos ay ang kalaunang pag-angat ni Cory bilang pangulo ng bansa. Sa panahong ito, nanatiling kulay ng administrasyon niya ang dilaw. Ang yellow ribbon at ang kulay na dilaw ay nagsilbing artikulasyon ng pagluklok sa puwesto ng bagong naghaharing kaayusan sa bansa. Pinakamatingkad dito ang equivocation ng pagiging panginoong maylupa ni Cory at pagiging sunud-sunuran ng kaniyang administrasyon sa dikta ng imperyalismong Estados Unidos. Kung gayon, ang dilaw ay naging kulay ng dominasyon at naestablisa bilang "institutionalized and state politics" ni Cory.

Matapos ang rehimen ni Cory, naging limitado na lamang ang politikal na pagsulpot ng kulay na dilaw (i.e., tuwing komemorasyon ng People Power at tuwing magpapakita si Cory sa publiko). Sa dagundong ng kampanya para mapatalsik si Gloria Macapagal-Arroyo bilang pangulo ng bansa, panaka-nakang lumilitaw si Cory nang nakasuot ng dilaw at nananawagan na gawin na ni Arroyo ang "ultimate sacrifice" ng pagbaba sa puwesto para sa kapakanan ng bansa at ng mga mamamayan nito.

Ang pag-alon ng kulay na dilaw at ng mga yellow ribbon ay muling masisilayan noong 2009 nang mabatid ng bayan na si Cory ay lumalaban sa sakit na kanser. Nabagong muli ang pag-unawa sa yellow ribbon, mula sa naunang politikal tungo sa moral na pagsuporta at panalangin para sa paggaling ni Cory. Halimbawa, sa Larawan 5, makikita na pinagsama ang yellow ribbon at bandila ng Filipinas, na nilapatan ng mga salitang humihiling na sumama ang mamamayan sa "Yellow Ribbon Prayer Campaign" para kay Cory. Ang yellow ribbon ay natransmogripika bilang simbolong moral at panrelihiyon para sa isang imahinaryong "Ina ng Demokrasya." Ayon pa nga sa nasabing larawan, ang pagdarasal para kay Cory ay "pagbabalik ng pabor" para sa mga dasal na ginawa ni Cory upang "pag-isahin ang bayan."



Larawan 5



Larawan 6

At nang sumuko ang katawan ni Cory sa kanser noong 1 Agosto 2009, muling nagbago ang kahulugan ng yellow ribbon, mula sa pagiging simbolo ng pagdarasal tungong simbolo ng pakikiramay at pasasalamat, para sa isang hinihirayang Ina ng bansa na nagpanumbalik diumano ng demokrasya sa bansa. Kapansin-pansin na sa panahon ng pakikibaka at tuluyang pagsuko ni Cory sa kanser ay naging palasak sa hypermedia (e.g., telebisyon, Facebook, at mga blog) ang mga yellow ribbon ng pagdarasal, pakikiramay,

at pagpapasalamat kay Cory (tingnan ang larawan 6). Nangangahulugan ito na sa dihital na panahon ay hindi na lamang sa mga pisikal na puno o poste itinatali o isinasabit ang mga yellow ribbon kundi sa virtual na espasyo ng hypertextual na mundo ng internet at iba pang anyo ng bagong media.

**Dilaw na Ibon at Itim na Langit: Yellow Ribbon ng Liberal-Burges na Demokrasya**

Paano binago, muling-nilikha at inari ng kampo ni Noynoy Aquino ang simbolismo ng yellow ribbon sa pamamagitan ng dihital na teknolohiya at dihital na manipulasyon?

Ilang linggo lamang matapos ang pagkamatay ni Cory, nagkaroon ng hype sa mass media tungkol sa posibilidad ng pagtakbo ni Noynoy Aquino para sa pagkapangulo ng bansa. Nagdeklara ang kampo ni Noynoy na kung magkakaroon ng isang milyong pirma ng mamamayan na nag-uudyok kay Noynoy na tumakbo ay didinggin niya ang kahilingang ito. Matapos ang serye ng pag-uusap sa iba't ibang politikal na partido at mga personalidad, ikinasa ang pangangalap ng isang milyong lagda. Sa yugtong ito nagkaroon ng malaking pagbabago sa simbolismo ng yellow ribbon. Simula ito ng transisyon mula sa simbolismo ng pagdadalamhati, pakikiramay, at pagpapasalamat kay Cory tungo sa pagiging simbolo ng kampanyang elektoral para sa pagkapangulo ni Noynoy. Sa Larawan 7, malinaw na ang kampanyang "One Million Yellow Ribbons Project" ay pagkalap ng suporta para sa elektoral na pangarap ni Noynoy Aquino na nakalambong sa "One Million Filipinos for a Greater Philippines." Samakatwid, ipinakete ang ideolohiyang politikal ni Noynoy na nagmula sa kaniyang mga magulang; isang semiotikal na dihitalisasyon ng imahen ng yellow ribbon. Itim na itim ang kulay ng background na lalong nagpapatingkad sa kulay na dilaw—partikular sa yellow ribbon sa kasong ito. Isang estetikong konsiderasyon lamang kaya ang imaheng ito?




Larawan 7

Kung susuriing mabuti, ang matingkad na yellow ribbon ay sumisimbolo ng "Greater Philippines" na pinapangarap ng ideolohiyang ikinakabit sa pagpapatakbo kay Noynoy Aquino sa opisina. Samantala, ang itim na itim na background o itim

na langit ay sumisimbolo sa implikasyong "Lesser Philippines" o iyong panahon ng kadiliman at katiwalian ng nakaraang rehimeng. Samakatwid, ang politikal na kondisyon ng tiwaling pamumuno ni Arroyo ang simbolikal na representasyon ng itim background habang itinatambol naman ng kampo ni Noynoy Aquino ang yellow ribbon bilang liwanag at bilang hudyat ng pagtatapos ng kadiliman ng rehimeng Arroyo.

Mas magiging malinaw ang ganitong uri ng estratehiya at lohika sa mga kapatid na imahen ng Larawan 7 na pangunahing ginagamitan ng yellow ribbon at ang itim na background. Halimbawa, sa Larawan 8, ang payak na yellow ribbon ay dinagdagan ng mga kilalang imahe nina Cory at Ninoy, at ng katagang "Ipagpapatuloy Ko!" na anopa't tumutukoy sa pagpapatuloy ng sinimulang laban nina Ninoy at Cory sa katiwalian at paggupo sa demokrasya. Tulad ng Larawan 7, ang itim na itim na background sa Larawan 8 ay sumisimbolo sa kadiliman ng rehimeng Arroyo, na sa pagkakataong ito ay kapapalooban ng koneksiyong transhistorikal sa kadiliman ng diktaduryang Marcos, kasama na ang kaakibat na mga katangian ng rehimen.




Larawan 8

Samantala, liwanag at pangako ng pagpapatuloy ng laban para sa pagbabago at demokrasya ang sinisimbolo ng yellow ribbon. Transhistorikal din ang pagpapakahulugan sa labang ito sapagkat ikinakabit ang burges-liberal na pamana ng demokrasya ng mga panginoong maylupa at politikal na pigurang mga magulang ni Noynoy Aquino. Habang hindi maitatatwa na ang itim na background ay representasyon ng tiwali at madilim na rehimen at kawalang-demokrasya ng tiraniya ni Arroyo, ang pangkabuuang institusyonalisasyon ng liberal na demokrasyang hawak rin naman ng naghaharing-uri ang siyang dominanteng ideolohiya (gahum) na nakatatak at ginawang putative sa mamamayang pinangyayarian nito.




Larawan 9

Ang equibokasyon ng kadiliman ng rehimeng Arroyo na nirerepresenta ng itim na background ay mas malinaw na ibinubudyong sa pamamagitan ng Larawan 9. Ang linyang "Tanggalin ang Tiwali. Itama ang Mali." ay impluwensiyal sa pagtukoy sa rehimeng Arroyo bilang "mali" at "tiwali." Tila sa mga salitang ito nakabuod ang pinaka-ubod ng kadiliman ng rehimeng Arroyo tulad ng Hello Garci Scandal, Fertilizer Scam, at NBN-ZTE Deal. Ito ang buong konteksto na pinagmumulan ng "liwanag" ng yellow ribbon na nais itanghal ni Noynoy Aquino at ng kaniyang politikal na kampo para sa kanilang makauring interes at ganansiya.

Ang kapansin-pansing pagbabago sa pormat ng imaheng ito, bukod sa politikal na paggiit na "tanggalin ang tiwali" at "itama ang mali," ay ang disenyo ng yellow ribbon. Hindi tulad ng mga naunang yellow ribbon (payak na nakabuhol lamang), ang yellow ribbon sa larawang ito ay may disenyo ng isang ibong tila

malayang lumilipad. Ang isang dulo ng yellow ribbon ay naging kaliwang pakpak at buntot ng ibon. Ang liwanag ng yellow ribbon ay nadagdagan ng elemento ng kalayaan at demokrasya sa pamamagitan ng imahen ng dilaw na ibon. Ito na marahil ang pinakarurok ng pinatatanggap na "dilaw na demokrasya" o "dilaw na politika" ni Noynoy Aquino: ang pagsasanib ng liberal-burges na liwanag ng naghaharing-uri na nakaimbak sa yellow ribbon at ang liberal-burges na demokrasyang nakakabit sa dilaw na ibon.

Tulad nang napuna ni Maceda, mapapansin sa Larawan 9 na ang ibong lumilipad, malay man o di-malay ang lumikha nito, ay nananatiling nakabuhol sa yellow ribbon. Samakatwid, sa halip na kalayaan, tulad ng nais sana nitong ipahiwatig, ang ibon ay nakagapos. Senyal kaya ito ng patutunguhan ng bansa sa lilim ng pamumuno ni Noynoy Aquino?

Sa mga susunod na imaheng kinasangkapan ni Noynoy Aquino para sa kaniyang elektoral na kampanya, sentral na elemento na ang nakabuhol na ibon at yellow ribbon. Sa Larawan 10, halimbawa, kapansin-pansin na hindi tulad ng dati, puti na ang ginamit na background. Ito ay sa dahilanang ang disenyong ito ay nilikha para ikabit sa mga salamin ng sasakyan, kung kaya't kailangang klaro ang background upang hind imaging sagabal sa pagmamaneho.




Larawan 10

Bukod sa praktikal na konsiderasyon, bago rin sa disenyong ito ang malalaking salitang "For Honest Governance" na isa sa mga buzzword ng kampanya ni Noynoy Aquino. Ipinagpapalagay nito ang pangkalahatang sentimiyento na bukod sa hindi tapat ang rehimen ni Arroyo dahil sa mahabang panahong ng mga kontrobersiya at katiwalian ay magiging positibong kabaligtaran niyon ang kaniyang matapat na pamumuno.

Ang mga element sa mga naunang larawan ay pinagbuklod sa Larawan 11. Ngunit sa imaheng ito, pinakamalaking pigura na si Noynoy Aquino. Sa likuran ng larawan ni Noynoy ang di-kumpletong bandila ng Filipinas. Ang kaniyang pangalan na nakasulat sa malalaking titik ay lalong nagbibigay-diin sa

itinatanghal ng imahen, at sa ilalim nito'y ang website niyang www.noynoyaquino.ph na nag-aalok na bisitahin ng tagamasid upang makilalang lubos ang programang politikal niya.




Larawan 11

Kapansin-pansin rin na ang suot na itim na polo shirt ni Noynoy na mayroong disenyong dilaw na mapa ng Filipinas at may nakakabit na dilaw na frame ng salamin sa mata. Ito ang pinapangarap ni Noynoy para sa kaniyang sarili: ang maging dilaw ang Filipinas at sumandig sa alaala ng liberal-burges na uri ng demokrasya ng kaniyang amang si Ninoy (na mula nang yumao ay naikawing na sa kahalintulad na pares ng salamin at kulay na dilaw). Ang dilaw na Filipinas ay nangangahulugang pagpapailalim sa politika at ideolohiya ng bagong rehimeng Noynoy Aquino.

Ito ang dihital na artikulasyon ng politika at idelohiya sa mga nilikhang imahen para sa kampanya ng kampo ni Noynoy. Samakatwid, kung aanalisahing mabuti, transisyon lamang ng kapangyarihang pampolitika at pang-ekonomiya mula kay Arroyo tungo kay Noynoy Aquino ang mahihinuha sa mga larawan.

### Duguang Yellow Ribbon, Dilaw na Piring at Pambigti, at iba pang Dihital na Parodya

Kung transisyon lamang ng politikal na kapangyarihan mula sa isang naghaharing-uri patungo sa isa pa ang masisipat sa mga yellow ribbon ni Noynoy

Aquino, paano ito diniskurso ng Kilusang Pambansa Demokratiko? Ang paghawak ng politikal na kapangyarihan ay kanino nga ba ipinagkakaloob ni Noynoy Aquino? Ito ang nais na linawin, sa pamamagitan ng dihital na manipulasyon sa yellow ribbon, ng Kilusang Pambansa Demokratiko.

Ilang araw lamang matapos ang pagkahalal kay Noynoy Aquino bilang pangulo ng bansa, bumisita ang iba't ibang indibidwal at grupo sa bahay ni Noynoy sa Times Street para bumati, magpasalamat, humingi ng tulong, at, sa kaso ng mga progresibong grupo, magpaabot ng mga panawagan at isyu na dapat dinggin at bigyang-aksiyon niya sa kaniyang pag-upo bilang pinakamakapangyarihang politikal na entidad sa bayan. Isa ang grupo ng mga manggagawang Kilusang Mayo Uno (KMU) sa mga tumungo sa bahay ni Noynoy upang manawagan ng dagdag na P125 sa sahod para sa mga manggagawa sa pribadong sektor. Makikita sa Larawan 12 ang mga miyembro ng KMU na nagsabit ng malaking yellow ribbon na may nakakabit na plakard na nagsasaad ng panawagang "Noynoy / Itaas Ang / Sahod / P125 / -KMU." Makikita rito na kinasangkapan ng KMU ang yellow ribbon bilang pagkilala sa pagkapanalo ni Noynoy. Ngunit hindi tulad ng ibang indibidwal o grupo, hindi simpleng pagtanggap lamang sa ideolohiya ng yellow ribbon ni Noynoy ang ginawa ng KMU. Bagkos, malinaw sa layunin nito na ilapit at iparating kay Noynoy ang makatarungang panawagang P125 na umento sa sahod, na matagal nang hinihiling ng mamamayan.



Larawan 12

Samakatwid, ang akto ng pisikal na pagdidisenyo ng KMU sa pamamagitan ng pagpapatong o pagkakabit ng plakard sa institusyonal na yellow ribbon ni Noynoy ay isang akto ng parodya. Ayon kay Fredric Jameson (1998, 4), ang akto ng pagparodya ay nagaganap sa pamamagitan ng pagsunod sa mga elementong ito: (1) pagsandig sa orihinal; (2) ang orihinal na ginagawan ng parodya ay tekstong nagmumula sa naghaharing kaayusan o dominanteng ideolohiya; at (3) pinagtatawanan, binubuska, kinikritika, pinagtitimbuwal, pinababalintuwad, ginagagad o tinutuligsa ang orihinal upang lumikha ng bago.

Kung gayon, napakalinaw ng parodyang nilikha ng KMU sa imaheng ito. Una, nakakabit ito sa orihinal na imahen ng yellow ribbon. Sa mga aktong parodikal kasi, mahalaga ang pagiging "tapat" sa orihinal. Ibig sabihin, nakasandig sa orihinal na konsepto. Nananatili ang yellow ribbon bilang orihinal. Ikalawa, ang orihinal ay mula sa naghaharing kaayusan—o sa kaso ni Noynoy, bagong rehimen na bahagi pa rin ng naghaharing uri. Ikatlo, pinagtitimbuwang ito sapagkat ang plakard, na isang malinaw na sosyo-politikal na sining ng propaganda na ginagamit ng mga kilusang panlipunan, ay ikinabit sa yellow ribbon. Samakatwid, ang nakakabit na mensahe, sa porma ng plakard, ay isang mensaheng parodikal.

Sa larang ng pisikal na manipulasyong parodikal ay nasaksihan kung paanong naging kritikal habang nananatiling malikhain ang organisasyong KMU. Ang pagbabagong idinulot nito sa yellow ribbon ay bahagi ng kultura ng protesta ng mga kilusang panlipunan. Paano naman kaya ang sa mga indibidwal, puwersa, at grupo na kabilang o kaalyado ng Kilusang Pambansa Demokratiko?

Isang "madugong" pagbabago sa yellow ribbon ang naganap dahil sa usapin ng Hacienda Luisita. Naghuhumiyaw ang mantsa ng dugo sa yellow ribbon, samantalang ang background ay puti, taliwas sa itim na itim na background ng mga dihital na yellow ribbon ni Noynoy (tignan ang lar. 13). Kung katiwalian at kadiliman ng rehimeng Arroyo ang pakahulugan sa itim, dito naman ang puting background ay nagpapahiwatig ng isang kalinisan o kapayapaang inakalang darating matapos ang kadiliman ng hinalinhang administrasyon. Ngunit ang hinihirayang demokrasya, ang mismong simbolo ng "pagbabago"—ang yellow ribbon ni Noynoy—ay may bahid ng malapot ng dugo; pulang-pula at tila sariwang-sariwa. Ito ang pinakamarubdob na parodya ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa pagbabagong hatid ni Noynoy Aquino. Sa kanang ilalim ng larawan, nakasulat ang petsang 16 Nobyembre 2004, araw ng Hacienda Luisita Massacre. Ang dihital na larawan ay nagsisilbi hindi lamang bilang paggunita sa massacre kundi pagsingil kay Noynoy Aquino sa nagpapatuloy na kawalang-katarungan at sa patuloy na pagkakait ng kaniyang



Larawan 13

pamilya na ipamahagi ang lupa sa mga magsasaka at manggagawang-bukid. Patuloy ang militarisasyon sa Hacienda Luisita.

Bukod sa multo ng Hacienda Luisita, nakakabit rin sa administrayon ni Noynoy Aquino ang Mendiola Massacre na naganap sa panahon ng panunungkulan ng kaniyang ina. Sa masang Filipino, ang duguang yellow ribbon ay nagpapahiwatig ng kasaysayan ng mga Cojuangco-Aquino, ng kasaysayan ng mga panginoong maylupang nagpapaslang sa mga magsasaka at magbubukid. Ganito rin ang mahihiwatigan sa Larawan 14. Sa kanang ilalim na bahagi nito, nakasulat ang "Mendiola/Hacienda Luisita/ MASSACRE" na tuwirang ikinakawing sa parehong rehimen na Cojuangco-Aquino. Ang gray na background naman ay maaaring pahiwatig ng papadilim na politikal na kulay ng administrasyong Noynoy, kung hindi man ipinahihiwatig na ang rehimeng ito ay nasa "gray area" ang mga mamamayan (i.e., walang katiyakan at walang kasegurohan). Ngunit pinakamatingkad sa larawang ito ang sentral na pigurang "L" na kilalang simbolo ng "Laban" o "Partido Liberal," na ginamit kapuwa nina Cory at Noynoy Aquino sa kani-kanilang kampanya. Pansinin kung paanong isinagawa ng manlilikha ng dihital na larawang ito ang dalawang klase ng parodya. Una, pinarodya ang senyas na "L" bilang isang kamay-na-baril. Ikalawa, ang yellow ribbon nina Cory at Noynoy ay pinarodiya bilang "usok" ng bagong-putok na baril. Ipinahihiwatig dito ang alegoriya ng masaker sa pamamagitan ng pagpapaputok ng "L" na baril at ng pagpapausok ng dilaw. Ang transmogripikasyong ito'y nagkakalas sa tunay na politikal na



Larawan 14

kulay ng mag-inang rehimen ng mga Cojuangco-Aquino. Umakyat na sa politikal na signipikasyon ang yellow ribbon na diumano'y demorkasya ngunit sa aktwal ay dilaw na usok ng baril ng mga panginoong maylupang namuno at namumuno sa bansa.

Ipinagpapatuloy sa Larawan 15 ang dihital na pagparodya sa yellow ribbon sa pamamagitan ng transmogripikasyon nito bilang dilaw na piring. Gray pa rin ang background, tulad ng sa Larawan 14. Sa dihital na larawang ito na sa kabila ng mga pangakong katotohanan ay ipinapamalas na ng yellow ribbon ni Noynoy ang pagpiring sa mga mata ng taumbayan sa isyu ng Hacienda Luisita.



Larawan 15

Bukod sa Hacienda Luisita, hindi rin naampat ang extra-judicial at politikal na pamamaslang sa rehimen ni Noynoy Aquino. Ipinalit ni Noynoy sa "Oplan Bantay Laya" ni Arroyo ang counter-insurgency program niyang "Oplan Bayanihan," na anopa't nagpapatuloy lamang ng militarisasyon at pamamaslang. Ayon nga sa isang ulat ng Karapatan (2010), isang alyansa para sa pagsusulong ng karapatang pantao, hinggil sa kalagayan ng karapatang pantao sa bansa, nabigong tuparin ni Noynoy Aquino ang pangako nitong pagbabago, laluna kung karapatang pantao ang pag-uusapan. Ayon sa nasabing report:

> Barely four months (Hulyo hanggang Oktubre 2010) into Noynoy's presidency, there are already 20 victims of extrajudicial killings, making an average frequency of once a week. There are two victims of enforced disappearance, 16 victims of torture, 23 of arbitrary arrest and detention and almost 900 who were forced to evacuate their homes and croplands due to intense militarization. (ibid.)

Ang ganito ring sitwasyon ay naidihitalisa sa Larawan 16. Ang imaheng ito ay halos kahawig ng mga dominanteng imaheng kinasangkapan ni Noynoy sa kampanyang elektoral. Pamilyar ang itim na itim na background, ang yellow ribbon, at ang dilaw na mga titik. Malinaw, kung gayon, sa Larawan 19 ang pinagbabatayang imahen. Ang orihinal na dilaw na ibon at yellow ribbon ni Noynoy ay naging ulo, katawan, binti, at paa ng isang bangkay. Ito ay halimbawa ng politikal na panggagagad, na ang malayang dilaw na ibon ay naging pinaslang na tao. Kung kaya't ang pahayag na nasa kulay na gray ay "New administration, same old repression." Walang pagbabago, laluna sa kaso ng mga politikal na pamamaslang. At nananawagan ang imaheng ito ng "STOP THE KILLINGS" bilang pagsingil sa rehimeng Noynoy Aquino at bilang pagsisiwalat na wala naman itong ipinagkaiba sa nagdaang administrasyon, na kapuwa sindilim at sinlagim ng itim na itim na background.



Larawan 16

Tulad ng sindahas ng naisalarawang politikal na pamamaslang sa bansa sa ilalim ng rehimeng Noynoy Aquino ang signipikasyon ng nakabigting Oblation (lar. 17), na simbolo ng Unibersidad ng Pilipinas (UP). Matutunghayan sa graffiti na ginawa ng UgatLahi, isang progresibong organisasyon ng mga artista. Mapapansing ang pagparodya sa yellow ribbon naging dilaw na instrumentong pambigti. Ang Oblation na dating nakabukas ang mga bisig at matikas ang tindig

ay naging pigurang nanlulupaypay, kung hindi man walang buhay. Nakasabit sa yellow ribbon ang tag na may nagsasabing "FOR SALE." Ang parodyang ito ay mapagtimbuwang na kritika sa pagkaltas ng badyet sa edukasyon—partikular sa imaheng ito ay ang pagkaltas ng rehimeng Noynoy Aquino nang P1.39 bilyon sa badyet ng UP. Isinasabit ng politikal na imahinasyong ito ang politikal na paggigiit na hindi dapat kaltasan ng gobyerno ang badyet sa edukasyon, na siyang magiging sanhi ng paglaho ng publikong karakter ng edukasyon. Higit pa, pinupuwersa nng estadong magkomersiyalisa ang mga institusyon ng kaalamang gaya ng state universities and colleges (SUCs).




Larawan 17



Larawan 18

Sa Larawan 18, bagama't payak ay mahusay ang naratibo ng parodya. Ang yellow ribbon ni Noynoy ay dinalumat bilang pasanin ng mamamayan, laluna't wala pa ring malaking pagbabagong natatamasa sa bagong rehimen. Patpatin rin at tagaktak ang pawis ng mamamayang pumapasan ng yellow ribbon na pangunahing simbolo ng disinsana'y estadong kumakalinga sa kaniya.

Sa Larawan 19, binibigyang-pansin ang partikular na pasanin ng mamamayan: ang nakaambang pagtaas

ng presyo ng pamasahe sa MRT at LRT, mga pampublikong transportasyon na dapat ay kontrolado ng gobyerno ngunit nasa kamay ng mga pribadong korporasyon.




Larawan 19

Kapansin-pansin na sa dihital na larawang ito ng Riles Network, isang alyansa ng mga mamamayan at mga organisasyong tutol sa pagsasapribado ng publikong transportasyon, ang background ay matingkad na dilaw. Mapapansin ang transpormasyon ng itim na background sa panunungkulan ni Arroyo tungo sa dilaw na background sa panunungkulan ngayon ni Noynoy Aquino. Hindi na ang kampo at politika ng bukas-na-diktadurya ni Arroyo ang nagpapatakbo ng bansa kundi ang dilaw na liberal-burges na politika ni Noynoy Aquino. Naganap ang unang parodya sa imaheng ito sa payak na pagpapalit ng kulay ng background.
Naganap naman ang ikalawang parodya sa transmogripikasyon ng yellow ribbon tungong itim na ribbon ng riles. Sinisimbolo nito ang pagdurusa dahil sa taas-pasahe sa MRT-LRT na ipinapapapasan sa mamamayan. Sinisimbolo rin nito ang baluktot na daan ng pribatisasyon ng serbisyong publiko tulad ng transportasyon at ang pagkakabuhol ng mamamayan sa isang nag-kukunwaring demokratikong kalayaan at kasaganahan.

Naganap ang ikatlong parodya sa pamamagitan ng ipinatong na mensaheng kulay pula sa itim na ribbon ng riles: I PROTEST MRT-LRT FARE HIKE. Ang kulay pula, na simbolo ng protesta, pakikibaka, at progresibong aktibismo ng kilusang panlipunan, ay panghihikayat sa mamamayan na sumama sa biyahe ng protesta at pagpapalaya mula sa pagkakabuhol ng bayan. Ang dihital na parodyang ito ay isang mahusay at malikhaing protesta sa daang ipinalalandas ng rehimeng Noynoy Aquino sa mga mamamayan. Alegorikal na pagtuya ito sa matuwid na daang ipinatatahak ng rehimeng dilaw ni Noynoy.

Samakatwid, ang dihitalisasyon ay isang praktikang panlipunang dating hawak ng iilan ngunit ngayo'y nagagamit rin ng mga kilusang panlipunan, tulad ng Kilusang Pambansa Demokratiko, upang lumalang ng mga larawan at imaheng tumutugon sa mga isyu't hamon sa rehimeng Noynoy Aquino. Ito'y patunay na ang politikal na imahinasyon ay isang malikhaing pagbabalintuwad na may potensiyal para sa pagpapakilos ng mamamayan.

**Konklusyon: Dihitalisasyon Bilang Pagbuhol at Pagkalas**

Mayaman ang kultural at politikal na praxis na makikita sa dihitalisasyon ng mga larawan, mula man sa naghaharing kaayusan o sa mga kilusang panlipunan. Mayaman sapagkat ang pagtatalaban ay nangangahulugan ng pagpapausbong at pagpapasikhay ng mga nagtutunggaliang puwersa upang malikhaing patagusin at patatagin ang kanilang politikal na adyenda at sosyo-kultural na layunin.

Sa ganang ito, matimyas ang pagsasapraktika ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa sosyo-politikal na imahinasyon nito. Mapagpatimbuwal ang dihitalisasyon ng yellow ribbon bilang praxiolohiya ng pagkalas at pagkalag sa institusyonal na liberal-burges at piyudal na ideolohiyang dominante sa rehimeng Noynoy Aquino.

Masisipat sa mga imahen na ang mga dihital na larawan ay kapuwa "pagbuhol" at "pagkalas." Pagbuhol ito para sa rehimeng Aquino samantalang pagkalas para sa Kilusang Pambansa Demokratiko. Nirerepresenta ng pagbuhol ng yellow ribbon ang gahum ng estado at ng liberal na burgis na demokrasya samantalang nirerepresenta naman ng pagkalas sa nakabuhol na yellow ribbon ang kontra-gahum ng kilusang panlipunang mapagpalaya.

Sa panahon ng dihital na teknolohiya, ang pagkuha ng mga larawan at paglikha ng mga larawan ay praktikang panlipunang hindi nakatatakas sa

ideolohikal at sosyo-politikal na pagmamapa ng mga nagtutunggaliang puwersang panlipunan. Ang huling tanong, kung gayon, ay: Sa mundo ng dihitalisasyon—at sa tunay na mundo ng politikal na pakikibaka at pamumuhay—makikibuhol ba ang mamamayan o makikikalas? Ang tanging paraan para makahinga at makalipad ang isang ibong ibinuhol sa yellow ribbon ay ang kalagin ang buhol upang mapalaya ito. Bahagi ang dihital na produksiyong ito ng ideolohiya ng pakikibaka, ng malikhaing protesta, at ng rebolusyong pangkultura ng Kilusang Pambansa Demokratiko ng Filipinas.

**Sanggunian**

Benjamin, Walter. 1968. Illuminations, trans. Harry Zohn, ed. Hannah Arendt. New York: Shocken Books.

Bourdieu, Pierre. 1990. Photography: A middle-brow art. California: Standford University Press.

Jameson, Fredric. 1998. The cultural turn: Selected writings on the postmodern. Verso: London.

Karapatan. 2011. 2010 year-end report on the human rights situation in the Philippines. Dokumento sa internet, http://karapatan.org/files/2010%20HR%20Report%201Dec2010.pdf, inakses 31 Marso.

Maceda, Teresita G. 2011. Talakayan sa klase. Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Quezon City, 15 Marso.

Maiquez, Reagan. 2011. Panayam ng awtor, Unibersidad ng Pilipinas sa Los Banos, 27 Marso.

Parsons, Gerald E. 2011. How the yellow ribbon became a national folk symbol. Dokument sa internet, http://www.loc.gov/folklife/ribbons/ribbons.html, inakses 29 Marso.

Pink, Sarah. 2006. The future of visual anthropology: Engaging the senses. Routledge: New York.

She wore a yellow ribbon. 1949. John Ford, dir. 103 min. Argosy Pictures.

Wikipedia. 2011. Yellow ribbon. Dokumento sa internet, http://en.wikipedia.org/wiki/Yellow_ribbon, inakses 29 Marso.

**Mga Larawang mula sa Internet**

Larawan 1. Inakses noong Marso 30, 2011 sa http://4.bp.blogspot.com/_9nV7XYFnv7k/RvMhzDJyrCI/AAAAAAAAAhs/dpMewgIQ7ZA/s320/Yellow+ribbon.jpg.

Larawan 2. Inakses noong Marso 30, 2011 sa http://besser.tsoa.nyu.edu/T-Shirts/turkvl/dstorm.jpg.

Larawan 3. Inakses noong Marso 30, 2011 sa http://www.donnellycolt.com/catalog/media/YRW.gif.

Larawan 4. Inakses noong Marso 30, 2011 sa http://haringliwanag.pansitan.net/uploaded_images/edsa1-758855.jpg.

Larawan 5. Inakses noong Marso 30, 2011 sa http://www.qlickcafe.com/imageblogs/yellow%20ribbon/yellowribboncampaign.gif.

Larawan 6. Inakses noong 30 Marso 2011, http://i389.photobucket.com/albums/oo337/jrbadet/corazon-aquino-yellow-ribbon.jpg.

Larawan 7. Inakses noong 30 Marso 2011, http://2.bp.blogspot.com/_SZtiKMhbt7g/StNAzOp8PDI/AAAAAAAAAO4/2F5oaufbFi4/S900-R/1.jpg.

Larawan 8. Inakses noong 8 Marso 2011, http://2.bp.blogspot.com/_9zagn3FXtLA/S9biCVFw-tI/AAAAAAAAAAc/G3PNN5dJx-E/s1600/cory-ninoy-yellow-ribbon.jpg.

Larawan 9. Inakses noong 8 Marso 2011, http://farm3.static.flickr.com/2469/4016248334_deccf2d4a4.jpg.

Larawan 10. Inakses noong 8 Marso 2011, http://2.bp.blogspot.com/_V-h-A49oPoM/S9RIUkBPoAI/AAAAAAAABuE/z_hObydaVhI/s1600/Noy%27s+yellow+ribbon.jpg.

Larawan 11. Inakses noong 8 Marso 2011, http://farm3.static.flickr.com/2668/4016249016_2b9e61a1f7.jpg.

Larawan 12. Kuha ni Soliman A. Santos. Inakses noong 30 Marso 2011, http://pinoyweekly.org/new/wp-content/uploads/2010/06/PW-KMU-times-street.jpg.

Larawan 13. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=1197176303043&set=a.1483157972406.63428.1637557695.

Larawan 14. Likha ni Onin Tagaro. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=1817740446248&set=t.1057979312.

Larawan 15. Likha ni Onin Tagaro. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=1457772617788&set=a.1483157972406.63428.1637557695.

Larawan 16. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=1350663892555&set=t.100001201401490.

Larawan 17. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=10150104956141111&set=a.10150104955886111.314857.144143836110&pid=7918530&id=144143836110.

Larawan 18. Inakses noong 29 Marso 2011, http://a1.sphotos.ak.fbcdn.net/hphotos-ak-snc6/181878_1774821244843_1068680403_2042701_4774471_n.jpg.

Larawan 19. Inakses noong 8 Marso 2011, http://www.facebook.com/photo.php?fbid=1290876888188&set=a.1176632552151.20200.1718233389.